# MGA BANAL NA LUNGSOD; MECCA, MEDINA, AT JERUSALEM (BAHAGI 2 NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang ikalawang aralin ay nagtatalakay sa sagradong mga lungsod, ang Medina at Jerusalem at kung bakit sila ay mayroong espesyal na lugar sa puso ng mga Muslim.

**Kategorya:** Mga Aral › Kagandahan ng Islam › Mahuhusay na Katangian ng Islam

**Ni:** Aisha Stacey (© 2015 IslamReligion.com)
**Nai-publish sa:** 09 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Layunin

- ·Upang maunawaan ang kahalagahan ng pangalawa at pangatlong pinaka-banal na lungsod, ang Medina at Jerusalem.

Mga Terminolohiyang Arabik

- ·*Masjid* - ang salitang Arabe ng mosque.
- ·*Sahabah* - ang pangmaramihang anyo ng "Sahabi," na isinalin sa tagalog na Kasamahan. Ang isang sahabi, bilang salita na karaniwang ginagamit ngayon, ay isang taong nakakita kay Propeta Muhammad, naniwala sa kanya at namatay bilang isang Muslim.
- ·*Qiblah* - Ang direksyon na kung saan nakaharap ang siyang nagsasagawa ng pormal na pagdarasal.
- ·*Kabah* - Ang hugis-kwadradong istraktura na matatagpuan sa lungsod ng Mecca. Nagsisilbi ito bilang isang sentrong pook kung saan nakaharap ang lahat ng mga Muslim kapag nagdarasal.

## Medina (*pagpapatuloy*)



Ang ikalawang pinaka-banal na lungsod sa Islam ay ang Medina. Ito ay nasa kanlurang rehiyon ng Saudi Arabia sa lugar na kilala bilang Hejaz. Ang Medina ay ang salitang Arabe ng lungsod at ito ay kilala bilang "ang lungsod" na nangangahulugang ito ay ang lungsod ni Propeta Muhammad. Paminsan-minsan ito rin ay kilala bilang Medina Munawwarah na ang ibig sabihin ay ang lungsod ng kaliwanagan. Ito ay orihinal na tinatawag na Yathrib, ang Medina ay ang lungsod kung saan lumipat si Propeta

Muhammad at ang itinakdang komunidad ng mga Muslim nang naging mahirap ang buhay sa Mecca.

Ang orihinal na masjid ng Propeta ay isang bukas na gusali na may isang nakataas na plataporma para sa mga sermon. Ito ay isang parisukat na pader na humigit-kumulang na 30 sa 35 metro at itinayo mula sa mga puno ng niyog na may mga pader na gawa sa putik. Ito ay maaaring pasukin sa pamamagitan ng tatlong mga pinto at ang mga pangunahing plano na ito noon ay kinuha sa pagtatayo ng marami pang mga masjid sa buong mundo.

Ang *Masjid* ay naglalaman din ng isang may lilim na lugar pa- timog at isang lugar ng dasalan na nakaharap sa hilaga papuntang Jerusalem. Nang ang *qiblah* ay nabago ng Mecca, ang Masjid ay muling inayos upang humarap sa Mecca. Ang lugar ding ito ay nagsilbi rin bilang sentro ng komunidad, hukuman, at paaralan. Sa loob lamang ng pitong taon ang lugar ng *Masjid* ay nadoble upang mapaunlakan ang patuloy na pagtaas ng bilang ng mga Muslim.

Sa Masjid na ito ay matatagpuan ang libingan ni Propeta Muhammad. Dahil ang mga propeta ay karaniwang inilibing kung saan sila namatay, si Propeta Muhammad ay inilibing sa tahanan ng kanyang asawa na si Aisha. Ito ay orihinal na naka-dugtong sa Masjid ngunit sa pagitan ng mga siglo ang Masjid ay pinalawak hanggang sa umabot na sa kahit na ang sementeryo na kilala bilang Al-Baqi, na noon ay nasa labas ng lungsod, ay ngayon ay naging marka ng panlabas na presinto ng Masjid. Ang mga libingan ng ilan sa mga miyembro ng pamilya ni Propeta Muhammad at ng maraming mga *sahabah* at ng mga unang henerasyon ng mga iskolar ay matatagpuan dito.

Isa sa mga pinakamakabuluhan at pinakaimportanteng mga dahilan kung bakit ang mga Muslim sa buong mundo ay lubos na nagnanais upang bisitahin ang lungsod na ito na puno ng liwanag at kaalaman na sa katunayan na ito ay maraming mga pagpapala.

""Ang taong nag-aalay ng 40 na pagdarasal nang sunud-sunod sa aking Masjid, nang hindi nawawala ang isang pagdarasal sa pagitan nito, ay ligtas mula sa apoy ng Impiyerno at iba pang mga pagdurusa at gayundin sa pagkukunwari."[1]

Sinabi ni Propeta Muhammad, "Ako ay inutusan na lumipat sa isang bayan na lulunukin (lulupigin) ang iba pang mga bayan at tinatawag na Yathrib at iyan ay ang Medina, at binabago niya ang (masamang) tao na katulad ng pugon na nagtatanggal ng mga dumi ng bakal." At sinabi rin niya, "May mga anghel na nagbabantay sa mga pasukan (o mga kalsada) ng Medina, ni ang salot o ang Dajjaal (Antikristo) ay di maaaring makapasok dito."[2]

Ang Medina at ang mga paligid nito ay puno ng mga lugar at tanawin may kinalaman sa kasaysayan ng Islam. Ang lugar ng Labanan ng Badr ay humigit-kumulang 20 milya sa timog kanluran ng Medina, at apat na milya sa hilaga ang lugar ng Labanan ng Uhud. Gayundin sa maikling distansya ay ang lugar kung saan ang Labanan ng Ditch ay naganap. Ang Masjid Al-Quba na unang masjid na itinayo sa Islam at ang pundasyon ng bato nito ay inilagay ni Propeta Muhammad mismo ay matatagpuan dito sa Medina,

gayundin ang Masjid Al-Qiblatain, na isang masjid na binuo sa lugar kung saan ang rebelasyon upang baguhin ang direksyon ng qiblah ay ipinahayag . Bago ang rebelasyon na ito, ang mga unang Muslim ay nagdarasal na nakaharap sa Jerusalem.

## Jerusalem

Ang lungsod ng Jerusalem ay ang ikatlong pinaka-sagradong lugar sa Islam. Ayon sa kasaysayan ng Islam, si Propeta Jacob, ay nagtayo ng isang *masjid* sa lugar ng Al-Aqsa mga 40 taon pagkatapos ng kanyang lolo na si Propeta Abraham ay nagtayo ng *Kabah* sa Mecca. Ito ay itinayong muli o pinalawak ni Haring Solomon, isang lalaking itinuturing ng Islam na isang naging Propeta.

***"Luwalhati sa Kanya na Siyang nagpalakbay sa kanyang alipin sa gabi mula sa Masjid Al-Haraam patungong Masjid Al-Aqsa, na ang mga kapaligiran nito ay Aming pinagpala upang ipakita sa kanya ang aming mga palatandaan. Katotohanan, Siya ang lubos na nakakarinig, ang Lubos na Nakakakita." (Quran 17:1)***

Ang mga Muslim ay mas napalapit sa Jerusalem sapagkat tinutukoy ito ng Diyos sa Quran bilang "ang kalapit-pook na pinagpala natin". Ang isang lugar na tinatawag na Masjid Al-Aqsa ay nasa loob ng lungsod ng Jerusalem. Ang pangalang Al-Aqsa ay isinalin na pinakamalayong *masjid*. Subalit mayroong napakaraming masjid at mga sentro ng pag-aaral sa 144,000 square meter na lugar kabilang na dito ang pinaka-kilalang gusali sa Jerusalem, ang Dome of the Rock.

Ang kumikinang na malagintong dome na ito ay nakatayo sa pinakamataas na lugar ng Jerusalem at maaaring makilala ng mga Muslim at mga hindi Muslim. Sa isang pangyayari na kilala bilang Gabi ng Paglalakbay at Pag-akyat (Night Journey and Ascension), si Propeta Muhammad ay umakyat sa pinakamababang langit mula sa isang bato na matatagpuan ngayon sa pinakasikat na simbolo na ito. Sa parehong paglalakbay ay pinangunahan ni Propeta Muhammad ang mga nakaraang propeta sa pagdarasal at ang lugar na iyon ay nasa kabilang panig ng Al-Aqsa. Ang mga karagdagang kaalaman hinggil sa Gabi ng Paglalakbay at Pag-akyat (Night Journey at Ascension) ay matatagpuan dito.http://www.islamreligion.com/articles/1511/

Nang ang direksyon ng pagdarasal ay binago mula sa Jerusalem patungo sa Mecca ang kabuluhan ng Jerusalem ay hindi napawi; ang pagbabago ay kumakatawan lamang sa isa pang hakbang sa pagtatatag ng mensahe ng Islam. Ang napakalawak na halaga ng Jerusalem sa mga mata ng mga Muslim ay nagpatuloy noon, magpahanggang ngayon.

Ang isang pagdarasal sa Masjid Al-Aqsa ay katumbas ng 250 na pagdarasal sa ibang lugar, hindi kabilang ang sa Masjid ng Propeta sa Medina kung saan ang isang pagdarasal ay katumbas ng 1,000 pagdarasal at ang Banal na Masjid sa Mecca kung saan ang isang pagdarasal ay naglalaman ng gantimpala ng 100,000 na pagdarasal[3]

---

Talababa:

| | |
|---|---|
| [1] | *Imam Ahmad* |
| [2] | *Saheeh Bukhari* |
| [3] | *Saheeh Bukhari, Saheeh Muslim* |

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/292/mga-banal-na-lungsod-mecca-medina-at-jerusalem-bahagi-2-ng-2

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.